Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

7:4

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG AGOSTO 13, 2007, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:15 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ........ | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ........ | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ........ | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ........ | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ........ | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ........ | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ........ | Kagawad |
| Kgg. Alden A. Sulit | ........ | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Mike Jomel M. Ombico | ........ | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 112-T'07

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 55-T'07/ ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 03-T'07 NG KGG. SANGGUNIANG BARANGAY CALIOS NA NAGPAPATIBAY SA KARAGDAGANG BADYET NG NABANGGIT NA BARANGAY NA MAY KABUUANG HALAGANG DALAWANG DAA'T DALAWANG LIBO, ANIMNARAAN LABING ANIM NA PISO (P202,616.00).**

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 55-T'07/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 03-T'07 ng Sang. Brgy. Calios na naglalayong makapagdagdag ng badyet ng barangay na nagkakahalaga ng P202,616.00);

**SAPAGKA'T,** ang nasabing halaga na ilalaan para sa 20 bahagadang pondong pangkaunlaran (P40,523.20); limang bahagdan (5%) para sa Calamity fund (P10,130.80); 10 bahagdan para sa Sang. Kabataan (P20,261.60); Gasolina (P10,000.00); Kagamitan at Materyales (P10,261.60); Leave benefit (P79,402.24); at Karagdagang Allowance ng Sang. Barangay (P32,036.56) ay magmumula sa karagdagang IRA (Internal Revenue Allotment) para sa taong kasalukuyan na nagkakahalaga ng P202,616.00;

**SAPAGKA'T**, ang nasabing karagdagang badyet ng Brgy. Calios ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Pambayang Lupon sa Pananalapi.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,** sa mungkahi ng Kgg. Kag. Louie C. de Leon, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Laura P. Obligacion at Ricardo B. Ramirez at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 55-T'07/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 03-T'07 ng Kgg. Sangguniang Barangay Calios na nagpapatibay ng karagdagang badyet ng nabanggit na barangay na may kabuuang halagang P202,616.00).

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng ka pasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Pinuno sa Badyet at Sang. Brgy. Calios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

Jeanette P. Alfonso
JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

Alan T. Pamatmat
KGG. ALAN T. PAMATMAT
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Punong Bayan

-180-